PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
JUNE 21, 2021 (12:02 P.M. – 12:54 P.M.)

SEC. ROQUE: Magandang tanghali, Pilipinas.

Masaya naming ibinabalita na pinirmahan ng Pilipinas ang isang supply agreement sa Pfizer para sa pagbili ng 40 million doses. Ito ang pinakamalaking bilang ng bakuna na nabili ng Pilipinas. Ang shipment ng Pfizer ay inaasahang darating ngayong Agosto.

At dahil sa supply agreement na ito, 113 million doses ng bakuna ang ating na-secure. Ito po ang nabili at bibilhin pa:

- Twenty-six million doses ng Sinovac; 7.5 million na nito ay dumating na po sa bansa.
- Ten million doses ng Sputnik; 180,000 po dito ay dumating na sa bansa.
- Twenty million doses ng Moderna.
- Seventeen million doses ng AstraZeneca.
- At 40 million nga po doses ng Pfizer.

Idadagdag pa natin ang commitment ng COVAX Facility na 44 million doses ngayong taon at ang one million dose ng Sinovac donation galing po sa Tsina. Suma total, ngayong mayroon na tayong inaasahan na 158 million na doses, sapat-sapat na po para sa kabuuang ng ating populasyon.

As of June 2021, 6 A.M., nasa 12,705,870 doses of vaccines ang dumating na po sa Pilipinas:

- 7.5 million po ay Sinovac
- 2,556,000 ay AstraZeneca
- 180,000 ay Sputnik V
- At nasa 2,469,870 doses po ay Pfizer

Ang tanong: Kaya pa ba nating magbakuna ngayong bulto-bulto na ang supply na parating? As of June 19, 6 P.M., nasa 8,222,759 doses na po ang na-administer sa buong bansa. At nitong Martes, June 15, ating nai-record ang pinakamataas na highest daily vaccination rate na 322,929. Kung inaasahan na maaabot natin ang 500,000 daily vaccination rate bilang target 'no, so kayang-kaya po ang ating target dahil napatunayan na natin na kapag sapat ang supply ay umaabot na tayo ng 322,929 doses per day. Siyempre po kapag dumami pa ang supply, wala pong problema iyong 500,000 per day.

Now, mayroon pong nagtatanong kung darating po iyan ng Agosto, iyang 40 million, aabot ba tayo sa target nating 70 million by December? Siyempre po, kasi king 500,000 per day po iyan, ten days is five million. So kinakailangan lang po natin, 20 days para po maubos iyong first dose ng dumating na 40 million na Pfizer.

Samantala, dumating kahapon po ang mga medical experts mula sa Israel Ministry of Health para ibahagi ang kanilang best practices, kasama na ang vaccine deployment at vaccination program, cold chain and logistics management at data management ng buong Israel.

Magkakaroon din ng site visits ang medical team ng Israel habang narito sa Pilipinas. Kung inyong matatandaan, ang bansang Israel ang isa sa mga bansa ang nag-lift ng kanilang outdoor face mask

policy matapos matagumpay na nabakunahan ang marami sa kanilang populasyon. Siguro po ay importante ang pagbisita nitong ating mga kaibigan galing sa Israel dahil nais din nating magkaroon ng "maskless" Christmas.

Kaugnay nito, mamayang gabi ay magkakaroon ng Talk to the People Address kung saan ang polisiya sa face shields ang isa sa mga pag-uusapan. So iyong mga nagtatanong, kailangan pa ba ang face shield? Ang malinaw po ganito ha: Hindi na po kinakailangan ang face shield sa labas, kasi hindi naman po inapela iyan ng IATF. Ang inapela lang ng IATF ay iyong pagsuot ng face shield sa loob kasama na po sa mga malls at iba pang mga commercial establishments at saka sa mga pampublikong transportasyon.

COVID-19 update naman po tayo 'no. Ito ang ranking ng Pilipinas sa mundo ayon sa Johns Hopkins:

- Number 24 ang Pilipinas pagdating sa total cases
- Number 23 po tayo sa active cases
- Number 131 sa cases per 100,000 population
- At number 90 po sa case fatality rate

Mayroon tayong 5,803 na mga bagong kaso ayon po sa June 20, 2021 datos ng DOH. Saludo po kami sa ating mga medical frontliners. At nananatiling mataas ang ating recovery rate, ito ay nasa 94%. Nasa 1,277,715 ang bilang ng mga naka-recover. Samantalang malungkot nating binabalita na nasa 23,621 na po ang binawian ng buhay. Nakikiramay po kami sa mga naulila. Nasa 1.74% po ang ating fatality rate.

Puntahan naman natin ang kalagayan ng ating mga ospital. Sapat ba ang ating mga ospital? Sa ngayon po ay sapat, pero mag-ingat po tayo dahil itong Delta variant na ito ay mas nakakahawa, mas nakakamatay.

Pero sa ngayon po, sa Metro Manila:

- 43% lang po ang nagagamit na ICU beds;
- 38% lang po ang nagagamit nating isolation beds;
- 32% ang nagagamit nating ward beds;
- at 32% ang nagagamit nating ventilators.

Sa kabuuang ng Pilipinas: Fifty-seven percent po ang nagagamit natin ICU beds. Mapapansin ninyo po talaga na dumadami iyong naa-ICU outside of Metro Manila kaya tumaas po iyong national utilization natin ng ICU beds. Ganoon din po sa isolation beds, mas mataas po iyong ating ginagamit nationally, 47; ward beds natin – 46%; ventilators ay 36%.

Sa ibang mga bagay, magandang balita po: Pinirmahan po ni Presidente Rodrigo Roa Duterte noong June 18 ang Executive Order # 139 na nagbibigay ng awtoridad ng pagbibigay ng death at burial benefits sa indigenous peoples mandatory representatives or IPMRs sa mga barangay. Inatasan ang DILG na pakikipag-ugnayan sa Department of Budget and Management, at National Commission on Indigenous Peoples na alamin ang kinakailangang amount para ma-cover ang payment ng death and burial benefits ng IPMRs sa barangays na namatay during their term of office at isama ito sa annual budget proposals subject sa regular budgeting process.

Dito po nagtatapos ang ating briefing 'no. Makakasama natin po ngayon ang ating suki din, si Dra. Cynthia Saloma ng Philippine Genome Center ng UP Manila. Ma'am, ano ba ho ang recorded na presensiya ng iba't ibang mga variants? Ang tanong ng lahat, iyong mas nakakamatay talaga at mas

nakakahawang Delta variant na unang nalathala sa India, marami na ba hong kasong ganito sa Pilipinas 'no para mapaghandaan? The floor is yours, Dr. Saloma.

DRA. CYNTHIA SALOMA: Magandang hapon po sa lahat ng ating mga tagapakinig. At nais ko pong ibalita sa inyo iyong ating latest updates sa ating detection ng variants. So sa sinabi po ni Spokesman Roque kanina, in total po, iyong ating bansa ay nakatala na po ng 17 Delta variants, dati po 13 tapos nadagdagan po ito ng apat.

At gusto ko pong ipahiwatig sa inyo iyong ating mga nalalaman na tungkol dito sa Delta variant, at saka later po ay puwede po kayong magtanong.

So iyong pangalawang slide po… so ito po iyong Delta variant. Bakit ba iyong [garbled] bansa sa buong mundo ay nababahala tungkol sa Delta variant na ito. Marahil po ay nalaman na natin na iyong WHO ay gumawa po ng bagong nomenclature system para madali pong alalahanin iyong mga pangalang nitong mga variants of concerns. So mayroon tayong Alpha, ito po iyong [garbled] na unang natala sa UK. And then we also have the Beta variant, ito naman po iyong unang nai-report sa South Africa; this is the B.1.3.51. And then we also have the Gamma which is the 3.1, ito naman po iyong unang nai-report sa Brazil. At saka itong pang-apat po na variant of concern is called the Delta variant, and this was first reported in India last December 2020.

Ano po ba iyong characteristics nitong Delta variant na ito? So itong variant na ito, marami po siyang mutation sa spike region ng protein pero iyong pinakabinabantayan po niyang mutation o kumbaga iyong kaniyang hallmark mutation, ito po ay iyong E484Q at saka iyong L452R mutations in the spike region.

Nakakabahala po kasi, kasi alam natin na iyong Alpha variant is about 60% more transmissible than the [unclear] variant, iyong original po na variant na naisabi ko kanina, nai-report mula Wuhan. Pero on top of that po, itong Delta variant, mas 60% more transmissible po siya kaysa doon sa Alpha variant.

And there is also po the possibility na mayroong decrease in convalescent plasma binding, so mayroon po siyang posibilidad na immune evasion na sinasabi natin.

So dito naman po sa Pilipinas, initially apat po iyong nailathala natin sa ating mga international travelers at saka iyong siyam po na na-detect natin doon sa ating mga seafarers from the MV Athens Bridge.

Sa ngayon po mayroon tayong 17 all in all na mga Delta variants na na-whole genome sequencing dito sa Philippine Genome Center at lahat po sila puro international travelers po. So far po we have not detected any community spread.

So, ano po ba iyong mga characteristics nitong Delta variants? So, please tingnan natin iyong R naught (R_0). Ang R_0 po, ito po iyong level or ang measure ng contagiousness ng isang variant.

For example, iyong original virus that was first described in Wuhan, puwede po siyang mag-infect ng dalawang tao. Tapos iyong may D614G mutation na nag-cause po ng first wave sa Europe noong June last year, puwede po siyang maka-infect ng tatlong tao.

Samantalang ito pong more highly transmissible na sinasabi nating UK or Alpha variant, puwede po siyang maghawa ng apat o limang tao.

Pero iyong Delta variant po, kaya niyang maghawa ng up to eight persons. Kaya kailangan po talagang pagtibayin iyong ating mga border controls at magsikap po tayo na hindi makapasok at saka hindi po ito maka-spread sa ating bansa.

So, gusto ko lang ibahagi sa inyo kung ano bang ginagawa nitong genomic biosurveillance, ano ba iyong importansiya ng whole genome sequencing. Ito po, example lang ito ng isang phylogenetic tree. Dito po sa whole genome sequencing, gumagawa po tayo ng tree kasi nakikita po natin kung ano iyong original o hindi kaya iyong root virus at kung paano po nagmu-mutate itong virus from person to person at as it spreads through in the community natin at sa iba-ibang bahagi ng mundo

So, kung titingnan po natin itong sa pinakamataas, ito siyam po ito, kung titingnan ninyo, ang DNA sequence nila makikita natin na they cluster, they form a cluster of linked cases and these are all po nanggaling sa ating mga seafarers doon sa MV Athens Bridge. Samantala, iyong iba po ating apat pa, makikita natin dito na iyong mga nanggaling ng UAE at saka Belgium, iba naman pong clusters sila.

So, ang interesting po dito sa ating mga seafarers na nanggaling sa MV Athens Bridge, hindi po sila bumaba ng barko when they were traveling to different places in the world including India. Our seafarers did not go to the shore, in fact, iyong mga ibang tao po iyong pumunta sa loob ng kanilang barko.

That also reflects to us kung bakit po very alarming itong Delta variant na ito kasi itong ating mga seafarers in the MV Athens Bridge did not went down. Most likely, the possibility exists na baka nahawa po sila either sa mga customs agent or sa mga stevedores na pumasok po sa barko nila. So, this is a very *[unclear]* environment and that tells you *[unclear]* na sinasabi natin na R_0 na walo.

Next slide, this one po.

SEC. ROQUE: Ma'am, wala kaming nakikitang slide.

DRA. SALOMA: Ah, talaga po?

SEC. ROQUE: Opo, sorry po. Opo.

DRA. SALOMA: I will do it again. Naku!

SEC. ROQUE: Hindi naman po, hindi naman po. You can just flash it very quickly.

DRA. SALOMA: Okay, very quickly. This one po, nakikita na? Ito po, nakikita ninyo? Hello po?

SEC. ROQUE: Wala pa rin po.

DRA. SALOMA: Bakit?

SEC. ROQUE: Well, anyway, going on to your last slide po.

DRA. SALOMA: Oo, I will just continue my presentation po.

Ano pa ba ang mga characteristics nito:

That the Delta variant is rapidly spreading around the world po. Sinasabi ng WHO sa Europe, that it is poised to take hold in the region at nakikita na po natin itong Delta variant sa 80 countries around the world according to the WHO. And sa UK po, you remember they are already highly vaccinated? We increasingly see that in the beginning dati maraming Alpha variant doon pero ngayon po sa kanilang data, about 91% of the recent cases po ng UK COVID-19 cases puro Delta na po sila 'no at saka sinu-suspect and they are really alarmed, concerned na baka ito iyong mag-cause ng third wave of COVID infections sa UK.

Pangalawa po, not only is it rapidly increasing, it appears to be highly transmissible. So, sinabi ko kanina, sa estimate po ng England na 60% more transmissible than the Alpha variant.

In addition to that po, it is associated sa—medyo iba po iyong kaniyang symptoms na naitala. For example, sa Southern China, ang sinasabi ng mga doktor doon na iyong mga pasyente mas madaling magkasakit. Ibig sabihin, iyong kanilang pag-worsen ng kanilang symptoms mas mabilis at ang pagdyi-generate nila mas mabilis compare po sa mga dati nilang pasyente na may COVID-19 case. At saka there's a possibility rin po na iyong mga younger people kasi they are likely to develop the symptoms at saka hindi rin pala sila na-vaccinate, so, puwede pong sila ang mag-spread nitong Delta variant na ito.

Pang-apat po, the people who are more likely to be hospitalized with the Delta variant at saka sinasabi po ng Public Health England na over the Alpha variant, twice po ang risk of hospitalization nitong Delta variant na ito based on the study sa Scotland ano, at saka siyempre iyong mga taong may underlying medical conditions siyempre sila po mas higher risk.

And lastly, mukhang hindi po masyadong effective iyong isang dose lang ng vaccine, kailangan po talaga two doses. Sa data po ng BioNTech or ng Pfizer at saka po ng AstraZeneca, kapag na-inject po or naka-vaccinate po ng complete ano at saka mga two weeks later, about 92% po or more po iyong protection niya sa vaccination.

Kaya gusto ko lang ipahiwatig sa lahat na iyong ating Delta variant na ito na-detect na po natin sa 17 cases. Pero puro po sila international travellers, we have not detected them in our communities yet kaya po we have this unique opportunity, the opportunity now to prevent

their entry into the country and the spread in our communities through strong border control. At saka po hindi lang naman siguro ito iyong last na VOCs (Variants of Concerns) na mangyayari sa atin kaya kailangan talagang mag-ingat tayo at paigtingin pa natin iyong ating mga control measures.

Maraming salamat po.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Dra. Cynthia Saloma.

Punta na po tayo sa ating open forum. Go ahead, Usec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Yes. Good afternoon, Secretary Roque at kay Dr. Saloma. Question from Leila Salaverria of Inquirer: Secretary Galvez says 40 million Pfizer doses are arriving by October and we expect this to help the country achieve herd immunity by yearend. Question: How can the government guarantee that it can administer these doses in two months before the year ends?

SEC. ROQUE: Well, unang-una, Leila, hindi naman tayo umaasa lang sa Pfizer para doon sa tinatawag nating population protection. Patuloy po ang ating pagbabakuna at kanina nga po binasa ko 'no, mahigit 8 million na iyong ating nabakunahan. At siguro kung pagdating nila ng Agosto at magtuluy-tuloy ang trend 'no, eh maghihigit pa tayo sa 12 million by the time we start using iyong Pfizer na binili natin.

Pero napakita na rin natin na 322,000 a day jabs ay kaya natin, so iyong ating target po na 500,000, hindi po impossible iyon. Ang ating sinisiguro lang iyong sapat na supply para nga tuluy-tuloy na iyong 500,000 a day na possibleng mangyari dahil nasa 322,000 doses iyong pinakamarami nating naturok. So sabihin natin na iyong komputasyon ko nga po, kung 500,000 a day at mayroon tayong 40 million na parating, eh ang first dose po niyan ay 20 million. Eh ang sampung araw po ay 5 million, so in 20 days ay tapos po iyong first jab para sa paparating na 40 million na Pfizer.

So malapit po tayo sa ating goal, dahil I repeat, hindi naman natin inantay talaga ang Pfizer, nagsimula na po tayo using other brands of vaccines.

USEC. IGNACIO: Opo. Iyong follow up niya: Is there a new target date for achieving containment or can this be already achieved with the doses delivered earlier before the Pfizer doses arrived?

SEC. ROQUE: Gaya ng sinabi ko po, mahigit 8 million na po ang bakunado sa atin, so by the time dumating po itong Agosto eh mas marami na po tayong mababakunahan. Baka kaya na natin ang 12 million niyan and we are aiming between 50 and 70 million.

USEC. IGNACIO: For Dr. Saloma: The DOH earlier said that the Philippine Genome Center proposed to procure two additional genome sequencing machines. Has this been completed? And if it has, has this improved our detection of COVID variants?

DR. SALOMA: Okay. Gusto ko lang ipahiwatig sa inyo na hindi pa tayo bibili ng sequencing machines. Ang Philippine Genome Center po, we have at least five next generation sequencing machines. Ang siguro po ang nire-refer po ng DOH iyong automated RNA extractions. So we have several on next generation sequencing machines, pero iyong automated extraction para mabilis po iyong pag-extract natin ng RNA sa ating mga samples, hindi pa po natapos iyong procurement, Ma'am.

USEC. IGNACIO: Thank you, Doc. Saloma.

SEC. ROQUE: Punta naman tayo kay Mela Lesmoras.

MELA LESMORAS/PTV: Hi good afternoon, Secretary Roque at good afternoon din po kay Dr. Saloma. Secretary Roque, unahin ko lang po iyong isyu sa face shield. Just to be clear, kasi nabanggit po ninyo kanina, basta nasa labas ng bahay ay hindi na kailangan mag face shield. Ito po ba iyong ipatutupad na policy? So mamayang gabi po ba ang i-expect na lang po natin iyong desisyon para sa indoors?

SEC. ROQUE: Oo, kasi ang apela naman po, iyong sa indoors at saka pampublikong mga transportasyon. So kumbaga hindi na po inapela iyong pagsusuot ng face shield sa labas. Pero importante ko pong ulit-ulitin na kasama pa rin iyong mga pampublikong transportasyon at iyong mga indoors kasama po diyan iyong mga palengke na matao 'no at mga malls.

MELA LESMORAS/PTV: Opo. And sir kapag ang isang tao ay lumabas ng kanyang bahay, let's say mag-exercise o maglakad-lakad, hindi na dapat siyang hulihin kung wala daw siyang face shield, basta't naka-face mask?

SEC. ROQUE: Tama po iyan, hindi po iyan kasama doon sa inapela ng IATF. So, iyong hindi naman po inapela, that's immediately executory at kaya nga po immediately executory iyong pag—mag face mask na lang po kapag lalabas po tayo, except po sa public transportation at saka doon sa mga enclosed o di naman kaya iyong mataong lugar gaya ng public markets.

MELA LESMORAS/PTV: Opo, and panghuling tanong na lamang po mula sa kasamahan kong si Karen Villanda ng PTV: Secretary Roque, sa shorter quarantine po kasi for fully vaccinated Filipinos, may mga nagtatanong lang, bakit daw po kaya nauurong iyong effectivity date? Once and for all para malinaw sa lahat, kailan po ba magiging effective itong pag-shorter quarantine para nga sa mga Pilipinong nabakunahan na sa Pilipinas at pupunta sa ibang bansa? At kailan po kaya magkakaroon ng desisyon doon naman sa mga nabakunahan sa abroad?

SEC. ROQUE: Ang effectivity po ay minove to 22 June, 2021. Kasi inaayos po ng DICT iyong programa na gagamitin na magiging basehan noong verification ng vaccination cards. Ang

alam ko ang initials noon MIMP po yata, pero ito po iyong automated vaccination data base 'no na kinakailangang patakbuhin para may basehan para mag-authenticate nung mga certificate of vaccination na ipiprisinta sa Bureau of Quarantine.

MELA LESMORAS/PTV: Secretary Roque, short follow up lang po and my last question: Kasi bukas po ay June 22 na, so bukas kapag may dumating tayong kababayan na kumbaga parang may inasikaso lang abroad, pagdating nila dito sa Pilipinas, seven days na lang iyong quarantine at kung hindi magkakaroon ng sintomas hindi na kailangan ng swab test, tama po ba, Secretary Roque?

SEC. ROQUE: Under the law, it becomes effective at 1:00 A.M. of June 22.

MELA LESMORAS/PTV: Okay. Thank you so much po, Secretary Roque.

SEC. ROQUE: Thank you very much, punta tayo kay Usec. Rocky please.

USEC. IGNACIO: Okay. Secretary Roque from Kris Jose of Remate/Remate online: Reaksiyon po sa hirit ni Congressman Salceda na pagsasagawa ng special session habang naka-recess ang Kamara upang palawigin ang validity ng Republic Act 11519 o Bayanihan 2 hanggang katapusan ng taon. Namimiligrong masayang daw ang P18 billion pondo ng Bayanihan 2 kapag napaso ito sa June 30.

SEC. ROQUE: Well, kinukumpirma ko po 'no, na sang-ayon po sa datos ng DBM, ang mga na-obligate po sa Bayanihan 2 ay P123.2 billion or 87.01%. So may balanse po talaga na P18.4 billion or 13%. At sa halagang na-obligate na, 200.12 billion ang na-release na for Bayanihan 2 at of which obligations amounted to 172.28 billion, 86.09% and disbursement at 135.81 billion, 78.43%.

So tama po na mayroon pa tayong 18.4 billion or 13% na hindi pa po na-obligate. And we respect po the wisdom of Congress, dahil sila naman po talaga ang nagbibigay ng polisiya.

USEC. IGNACIO: Ang second question po niya: Reaksiyon na may muling nakaambang muling taas-presyo sa langis mula June 22 hanggang June 28. Nasa .70 centavos hanggang 80 centavos ang ipatutupad na taas-presyo ng kada litro ng gasoline habang 60 centavos hanggang 70 centavos naman sa kerosene at diesel. Napapanahon ba ang ganitong hakbang habang nararanasan ang pandemya?

SEC. ROQUE: Nakakalungkot po talaga iyan na tataas ang presyo ng petrolyo sa panahon ng pandemya. Pero mayroon na po tayong polisiya na liberalize po natin ang presyo ng mga petrolyo dito sa Pilipinas at sumusunod po tayo sa market prices ng petrolyo. So dati-rati po tinutustusan natin para hindi po masyado tumaas-baba ang presyo, pero ang nagbabayad po niyan ay ang sambayanang Pilipino maski hindi naman pantay-pantay ang consumption ng petrolyo. So, under a liberalized scheme po ngayon eh talagang susunod po tayo sa market forces. Pero mayroon naman po tayong hakbang na ginagawa katulad ng energy conservation

measures at saka pagsisiguro rin po na may basehan po iyong actual presyo na sinisingil dito ng mga gas stations.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary Roque.

SEC. ROQUE: Maraming salamat po. Punta naman tayo kay Merlo Acuña, please.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Good afternoon, Mr. Secretary. Mayroon po bang paraan ang pamahalaang pambansa na masuri kung gaano kaepektibo o kagaling ang local government units at ang kanilang health services sa pagtugon sa pangangailangan ng kanilang mga kababayan mayroong COVID-19.

SEC. ROQUE: Mayroon po kaming ginagamit na mga guidelines at kasama po diyan iyong mga efficiency ng mga lokal na pamahalaan para ma-isolate iyong mga na test na positibo and it has done within 24 hours 'no.

Tinitingnan din po natin iyong kanilang mga kapasidad para sa isolation at saka iyong kanilang porsiyento na nasa-subject to contact tracing. So ang sagot: Yes po 'no, regularly ay nai-evaluate po ang mga kakayahan ng ating mga lokal na pamahalaan.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: How do we insulate petty politics and turf wars from the response ng LGUs at ng kanilang mga doktor?

SEC. ROQUE: Unang-una, hindi po isinasapubliko iyan. Iyan po ay considered as confidential information; dinidiskas po sa local government unit involved, pero hindi po iyan isinasapubliko.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Okay. So tatanggap po kayo ng mga reklamo kung sakali?

SEC. ROQUE: Well, yes po. Pero we have our own monitoring 'no kasi may regular questionnaire naman na pinapadala sa mga LGUs.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Opo. Para po kay Doctor Cynthia Saloma, Secretary, mayroon lang po akong liliwanagin.

SEC. ROQUE: Go ahead, please.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Dr. Cynthia, magandang hapon po sa inyo.

DRA. CYNTHIA SALOMA: Magandang hapon naman po.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Na-trace po ninyo na iyong mayroong variants ay mula sa iba't ibang bansa. Ano po kayang bansa ang pinagmulan at sila po kaya ay nabakunahan bago umuwi sa Pilipinas?

DRA. CYNTHIA SALOMA: Iyong atin pong DOH-Epidemiology Bureau as much as possible, nagti-trace po sila ng mga pinanggalingan nitong mga ROFs o 'di kaya ng mga international travelers na nag-positive sa variants of concern. Pero iyong mga minute detail po, sa palagay ko ay hindi natin malaman kasi wala pa tayong scorecard or interview na nabakunahan na ba sila o hindi, kung potential breakthrough cases sila 'no. Pero I think that's a very interesting question kasi gusto rin po natin iyan i-monitor not only from the international travelers but even po dito sa ating mga local cases.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Maganda po siguro kasi para higit na liliwanag ang larawan kung mayroong ganitong pagsusuri. At kung anuman ang makuhang datos, kayo po ba ay mayroong posisyon o magkakaroon ba kayo ng paninindigan tungkol sa magiging quarantine protocols sa mga bumabalik na Overseas Filipinos?

DRA. CYNTHIA SALOMA: So nakita naman po natin dito na ang atin naman pong mga cases ng mga VOCs (variants of concerns) are all from international travelers po. So mayroon naman po tayo sa ating TWG ng mga recommendations, and it's very important that we adhere to the recommendations particularly po sa facility quarantine kasi nakikita naman po natin na mayroon nang isang lumabas, puwede po siyang maging potential super spreading event. Kaya po dapat talaga na suportahan natin itong ating whole of nation policy, particularly in our policies on border control.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Yeah. Iyon po kayang southern border ay nakunan ninyo ng mga arrivals at ng specimen?

DRA. CYNTHIA SALOMA: Mayroon po kaming nga nakuha doon sa Mindanao pero kaunti pa lang po. Kaya now that we have more kits, I hope iyong ating mga RESUs (Regional Epidemiology and Surveillance Units) ay magpadala pa po sa atin so that we will have a better picture po 'no ng kung ano ang pumapasok at kung ano po iyong mga spread nitong mga variants na ito.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Salamat po. I wish you the best of health. Thank you.

DRA. CYNTHIA SALOMA: Thank you po.

SEC. ROQUE: Thank you, Melo. Maraming salamat, Melo. Punta naman tayo kay Usec. Rocky, again.

USEC. IGNACIO: Yes. Secretary, from Sweeden Velado ng PTV para daw po kay Dr. Cynthia Saloma: Kung na-contain na raw po iyong Delta variant na na-detect sa Pilipinas? At ilan daw po ito sa kasalukuyan?

DRA. CYNTHIA SALOMA: Okay. Ang atin pong Delta variant sa ating genomic surveillance, lahat po ay nakita natin sa ating mga international travelers. So they were caught in the quarantine area. So na-contain sila kasi naka-quarantine sila. So we have a very unique opportunity po na i-prevent ito kasi iyong opportunity natin ngayon habang hindi pa po natin na-detect doon sa ating mga komunidad, kailangan po talagang pag-igihan natin iyong ating monitoring system. So wala pa po tayong nai-detect sa community. So far, puro po sa ating mga ports of entry lang.

USEC. IGNACIO: Opo. Gusto lang po niyang ulitin ninyo iyong pagkakaiba raw po ng Delta variant kumpara sa ibang variant na na-detect na sa Pilipinas?

DRA. CYNTHIA SALOMA: Okay. So 'di ba po mayroon tayong Alpha, mayroong tayong Beta at saka Gamma at saka iyong Delta variant. So far po, we have detected 17 Delta variant sa ating bansa pero lahat po nito ay nasa ports of entry; wala pa po sa komunidad.

Ano nga po ba iyong uniqueness nitong Delta variants compared to the other variants of concern? Number one, very highly transmissible po. Iyong R0 niya po ay puwedeng 5 to 8. So kung ang ating Alpha variant kaya siyang mag-infect ng lima, ito po ay kaya niyang mag-infect ng walo.

Number two, there is an increase rate po for hospitalization based on data from Public Health England. So highly transmissible. It is probably spreading very fast all over the world. Eighty countries na po ang nakapagtala nitong Delta variant na ito. At saka po sa report na nanggaling sa Southern China, mabilis po iyong pag-deteriorate ng symptoms ng mga pasyente nitong Delta variant na ito 'no, so kailangan po talaga na we have to be very careful. And there is also a possibility na puwede siyang mag-spread sa mga bata kasi hindi rin sila vaccinated at saka sometimes hindi sila nagpapakita ng overt symptoms so puwede nilang i-spread. At kailangan po talaga nating protektahan iyong mga vulnerable members of our communities and of our families.

SEC. ROQUE: So uulitin ko lang, dahil nga dito sa Delta variant, iyong mga pupuwede nang magpabakuna, magpabakuna na po kayo. Huwag na po kayong mag-alinlangan dahil kung hindi, ang sigurado po tayo ay mas nakakahawa, mas nakakamatay itong Delta variants. Samantalang ang sigurado rin tayo, walang bakuna na ibibigay sa atin na hindi napatunayang ligtas at epektibo.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary Roque.

SEC. ROQUE: Thank you. Punta naman tayo kay Ivan, please.

IVAN MAYRINA/GMA7: Hi, Sec! Magandang hapon po. May question po sana ako kay Dr. Saloma. Dr. Saloma, please? Maliban po doon sa Delta variant na nakumpirma, iyong four additional 'no, mayroon ding 14 Alpha variants na na-confirm, 12 are local cases; at may 21 Beta

variant naman po, 20 are local cases. I'm sorry if I'll be asking you to state the obvious, pero ito po ba ay nangangahulugang may community transmission na, itong mga Alpha at Beta variants? At ano po ang ibig sabihin nito para sa komunidad?

DRA. CYNTHIA SALOMA: So for example itong mga Alpha variant at saka Beta variant, nakita po natin ito sa ating mabilis na sequencing run. For example, iyong ating Beta variant was found, we found a number of cases in Zamboanga Peninsula. So many of the cases are unlinked. So basta po unlinked po iyong cases, we can say that they are found in our communities. So we also found cases in Davao, as well as, of course in Northern Mindanao.

So just like our experience in the National Capital Plus, normally po kapag makita natin iyong mga VOCs, associated din po sila sa sudden spikes in cases.

IVAN MAYRINA/GMA7: Ito naman pong four new cases ng Delta variant, can you tell us a bit more about their profile? Mayroon pong mga kaso dito na napauwi na po sa kanilang mga LGU, ano. Natitiyak po natin na hindi na naman sila, you know, hindi na nila madadala iyong virus sa kanilang mga inuwiang mga local government units?

DRA. CYNTHIA SALOMA: Okay. I-summarize ko lang, Ivan, kung ano po ang ating nalaman sa ating bagong apat 'no. We have detected four Delta variants from ROFs, three of whom came from the MV Eastern Hope, this is a ship currently docked in South Korea. Pagkatapos pong nai-detect sa mga Filipino crew, ni-repatriate po sila sa Pilipinas, and three of them po talaga ay nag-positive sa Delta variant. Isa na lang po ang naiwan sa ospital, the others have been cleared. Okay naman po sila kasi na-satisfy nila iyong quarantine nila at saka bago po sila ni-release ay nag-test naman sila ng negative.

And then the other one po, mas matagal na, pinadala ito sa atin, ng sample na May 24 pa pala siya dumating sa Pilipinas galing sa Saudi Arabia, tapos na-complete naman po niya iyong kaniyang quarantine at na-discharge naman po siya.

So three out of four have already been discharged. They have completed their quarantine except one po na nasa ospital sa ngayon.

IVAN MAYRINA/GMA7: And safe to say na hindi po sila makakapanghawa sa komunidad nila?

DRA. CYNTHIA SALOMA: Very good po. Kaya you can just still imagine the importance of border control and quarantine measures po.

IVAN MAYRINA/GMA7: Thank you, Dr. Saloma. Sec., given all that Dr. Saloma here ha said about the Delta variant, mayroon po ba tayong magiging pagbabago sa ating response sa atin pong, COVID response lalo't sa ngayon po ay ang direksyon natin ay paluwag tayo, hindi po ba?

SEC. ROQUE: Well, hindi po magbabago iyong ating border controls 'no. At sa ngayon po, ini-impose po natin ang mandatory ten-day facility quarantine at mandatory PCR test on the 7th day. At iyong natitirang apat na araw po ay kinakailangang strict home quarantine pa rin po iyan.

So humihingi po tayo ng pasensiya sa ating mga umuuwing mga Pilipino, pero ito lang po talaga ang tanging pamamaraan para mapigilan ang pagpasok ng Delta variant dahil ang sinabi nga po ni Doktora ay hindi pa naman po nasa komunidad ang Delta variant so pupuwede pa pong pigilan ang pagpasok sa ating teritoryo.

IVAN MAYRINA/GMA7: Sec., iyong mga OFW from UEA, Oman, sila po ay nananawagan na i-lift daw po iyong ban dahil marami sa kanila ay stranded na ng isang buwan doon. Hindi raw pupuwedeng pauwiin sila, dito na lang sila mag-quarantine, and when they are clear, saka na sila pabalikin, I mean, pauwiin sa kanilang mga probinsiya.

SEC. ROQUE: Salamat sa tanong na ito dahil punung-puno rin ang aking telepono at ang aking e-mail ng mga apela galing sa mga Pilipino sa UAE.

Uulitin ko po ano, puwede po kayong umuwi pero kinakailangan po itong kabahagi ng isang repatriation program either na in-organize po ng Philippine embassy o hindi naman kaya ng pribadong sektor, iyong inyong mga manning agencies.

So, kung pupuwede po at talagang atat na atat na kayong umuwi, kontakin ninyo po ang ating Philippine embassy o hindi naman kaya ang inyong manning agency para sila po'y mag-organize ng isang repatriation program. Ang importante lang naman po ay mabigyang-abiso ahead of time ang Bureau of Quarantine sa mga paparating na mga Pilipino na kabahagi po ng mga repatriation programs.

IVAN MAYRINA/GMA 7: Thank you, Sec. Sec., panghuli na lang po. May mungkahi si Ginoong Joey Concepcion na mag-segregate sa workplace iyong mga bakunado at hindi bakunado. Ano ho ang tingin ninyo dito, hindi ho ba ito discrimination daw tingin ng ilan?

SEC. ROQUE: Pag-aaralan po natin iyan, dahil all suggestions naman ay dapat pinag-aaralan. Pero sa tingin ko ngayon dahil eight million mahigit-kumulang pa lang ang ating mga nabakunahan ay hindi pa ito iyong panahon na para gawin iyan 'no. Pero pag-aaralan po iyan lalung-lalo na habang dumadami iyong hanay ng mga nabakunahan na.

IVAN MAYRINA/GMA 7: Secretary, salamat! Dr. Saloma, thank you!

SEC. ROQUE: Maraming salamat po! Thank you, Ivan. Punta tayo uli kay Usec. Rocky, please.

USEC. IGNACIO: Yes, Secretary. Tanong mula kay Ace Romero ng Philippine Star: Will the President daw po call for a special session to extend validity of Bayanihan 2 funds.

SEC. ROQUE: Wala pa po akong impormasyon tungkol diyan, tatanungin ko po mamaya dahil sa mayroong Talk to the People mamaya po ang ating Presidente

USEC. IGNACIO: Iyong question ni Maricel Halili ng TV5 ay natanong na po ni Ivan, tungkol po sa separate vaccinated and unvaccinated; ganoon din po ang tanong ni Tom Perdigon ng GMA News. Iyong second question po ni Maricel Halili, nasagot ninyo na rin about wearing of face shields. Thank you, Secretary.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Usec. Punta tayo kay Pia Rañada, please.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Hello, Secretary?

SEC. ROQUE: Yes. Go ahead, Pia.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Yes, sir. Sir, my questions would be on Johndy Maglinte at saka si Antonio Dalit. Sir, kasi itong case po na ito is another case of the police claiming that nanlaban sila and then the witness – family members, saying that he was dragged then he was actually unarmed when he was killed.

So, sir, why does this keep on happening despite the government's efforts? Kasi even in the ICC report of the ICC chief prosecutor, maraming ganitong incidents, there's a pattern where we have a lot of these mostly young people 'no, police claiming they fought back but witnesses say otherwise and even in some cases – autopsy findings prove the case of the version of the witnesses.

SEC. ROQUE: Hindi ko po alam ang mga pangyayari diyan sa mga kasong sinabi mo pero sisiguraduhin ko po na matapos nito ay tatawagan ko si General Eleazar para magkaroon ng imbestigasyon dito sa mga ito. Paki ulit po iyong mga pangalan.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Sir, Johndy Maglinte and Antonio Dalit. Actually, sir, iyong PNP naman has announced that they will investigate but siguro iyong question lang dito is why it keeps happening despite constant investigations/probes. I mean, why don't we hear for example the President more often condemning these incidents in person kasi usually kayo po iyong nagko-condemn but it's like we don't hear from the President himself when he's the one who issues this kill threats, hindi ba, sir?

SEC. ROQUE: There are 240,000 PNP personnel, siguro kung mayroong mga bugok, they constitute the exception rather the rule.

PIA RAÑADA/RAPPLER: But sir, iyon nga, may pattern kasi sir, that it keeps happening eh. So, sir, how can the Palace assure citizens – Filipinos that the Malacañang, the President himself is on top of the situation and is really sincere about running after these 'bugok' cops as you say?

SEC. ROQUE: Because we will investigate, prosecute and punish those who will violate the law.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Why don't we hear more of that from the President himself?

SEC. ROQUE: There's no need for it. He's been repeating it: "Ang pulis suportado ko kayo kung kayo po ay legal ang ginagawa pero kung ilegal po ang ginagawa ninyo ay you're on your own." Ilang beses naman pong sinabi iyan sa kaniyang Talk to the People.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Ayun na nga po, sir, but it keeps happening like ito nga pong recent incident.

SEC. ROQUE: We'll just keep on investigating, prosecuting and punishing.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Okay. Sir, may next, my question would be about the—just to clarify the face shield policy kasi before, sir, you announced that face shields are required anywhere outside the homes. I'm just clarifying that you are now—that that policy is no longer true and basta outdoors hindi na po siya required?

SEC. ROQUE: Alam mo, I never said that kaya nga pagdating sa face shield nag-issue ako ng statement para walang hindi pagkakaintindihan and I will repeat what has been appealed by the IATF pursuant to its resolution. Ang in-appeal po ng IATF ay iyong pagsusuot ng face shield—sandali huh, iaano ko lang po, iko-quote ko lang para—"*Sa lahat ng enclosed, indoor spaces of hospitals, schools, workplaces, commercial establishments such as but not limited to food establishment, malls and public markets, public transport and terminals and places of worships.*"

So, iyan lang po ang inisyu kong statement, wala po akong sinabing verbal, to be safe, na ito po iyong mga areas na inaapela at ibig sabihin dahil hindi po inapela ang pagsusuot ng face shields sa labas ay hindi na po required ang pagsuot ng face shield sa labas except dito sa mga areas nga na binasa po natin.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Okay. And sir, lastly, has the government asked Sinovac, any Sinovac representative just to react sir to iyong news nga na healthcare workers who got fully vaccinated with Sinovac still get COVID and actually end up in the hospitals? This is the case in Indonesia. Just wondering if the Philippine government has asked Sinovac for any response to this and if you've heard from them?

SEC. ROQUE: Wala po akong impormasyon tungkol diyan pero siyempre po, lahat po ng balitang nakakalap natin pinag-aaralan ng ating mga dalubhasa.

PIA RAÑADA/RAPPLER: All right. Thank you, Secretary.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Pia. Balik tayo kay Usec. Rocky, please.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary. Tanong ni Tina Mendez ng Philippines Star, nasagot ninyo na po about face shield. From Cathy Valente of Manila Times: Reaksiyon daw po on Senator Pimentel's pronouncement expressing his support to Senator Pacquiao. He said, Pacquiao, a loyal PDP-Laban member and officer would be a good choice as the Presidential bet of the ruling PDP-Laban. Pimentel also said he would not support the party resolution endorsing President Duterte as its vice-presidential candidate because the council assembly was an unauthorized and unlawful gathering.

SEC. ROQUE: Wala po. Iyan po ay personal na paninindigan ni Senator Koko Pimentel 'no. Unless maki-claim niya na siya nagmamay-ari ng PDP-Laban, kinakailangan po konsultahin iyong buong partido. But we leave that to PDP-Laban.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary.

SEC. ROQUE: Okay! Trish Terada, please.

TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES: Hi! Good afternoon, Spox! Spox, doon lang po sa border controls natin, this weekend paglilinaw ng IATF policy on [garbled]. Sabi po repatriation flights mounted by government and private agencies are allowed, kasi OFWs daw po from UAE are appealing on social media to lift the ban ay nakabili na raw po ng ticket na na-cancel, nag-expire na iyong visa at nagbabayad na daw po ng multa for over staying. So, pinapatanong po ng kasamahan ko: Paano raw po ito, iyong plano sa mga may namatayan na kamag-anak sa Pilipinas at hindi po makauwi? Kasi daw po sasali naman sa repatriation flights medyo matagal daw po bago masama.

SEC. ROQUE: Alam ninyo kasi, ang pagkakaalam ko sa model POEA contract, iyong flight na pabalik ay sagot din ng employer sa pamamagitan ng manning agency. So, kaya nga po sinabi natin na kinakailangan kontakin nila iyong mga manning agencies para sila ang mag-organize ng repatriation program para sa kanila.

Lahat po ng OFW obligado ang employer magbayad ng papunta at pabalik na plane tickets. So, it's a matter of organizing po ano. O hindi naman kaya makipag-ugnayan na rin tayo sa ating embahada sa UAE to organize these repatriation flights at tingin ko po mayroon nang ilang mga repatriation flights yata na mount, I'm not sure pero kasama po iyan sa mga plano ano.

So, doon sa ibang ating mga Pilipino, makipag-ugnayan po tayo sa manning agencies, sa ating embahada dahil I'm sure they are organizing these repatriation programs. Again, uulitin ko po, humihingi po kami ng pasensiya, ng abiso, dahil nakita ninyo naman po ang nangyayari sa India. I'm sure ayaw ninyong makitang mangyari iyan sa inyong mga sarili at sa inyong mahal sa buhay kaya po nag-iingat tayo pagdating po sa pagpasok nitong Delta variant na ito.

TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES: Sir, over the weekend, sinabi po ni Usec. Densing na pinag-aaralan na daw ng technical working group ng IATF iyong pag-lift ng community quarantine. How soon will this happen and possible po ba or kailan iyong target nating mangyari na ma-lift iyong mga community quarantines natin?

SEC. ROQUE: Wala po akong mga ganiyang impormasyon na nalalaman bilang opisyal na tagapagsalita ng IATF at tagapagsalita ng Presidente sa lahat ng bagay ukol po sa COVID-19.

Ang aking apela po sa ating kasama sa gobyerno, igalang po natin iyong order ng ating Presidente, centralized release of information po tayo para walang kalituhan at ang request ko naman po sa ating mga kasama sa media, kung mayroon naman po kayong impormasyon na nais linawin, pakitanong po sa ating tanggapan dahil sumasagot naman po tayo and I think the Malacañang Press Corps can attest to this.

TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES: Sir, [garbled] the government optimistic about the possibility na ma-lift po iyong community quarantine this year? May chance po ba na within a year matanggal na tayo community quarantine restrictions po natin.

SEC. ROQUE: Hindi ko po alam. That's a decision to be made by the IATF 'no pero tingin ko po, malabo pa iyan. Malabo pa po iyan. So, anyway, I apologize kung hindi po masyadong naging malinaw ang aking earlier statement kasi pag-apela naman po ang status quo ay iyong inaapela.

So I am sorry po. Maybe because I am a lawyer, I took it for granted na intindi ng lahat na ang status quo ay iyong mga areas na inaapela lamang pagdating ng wearing of face shields, my fault. Siguro po hindi po ako naging malinaw, pero kaya nga po other than what I said na status quo. Iyong status quo refers to, iyong mga areas na inaapela, which was in printed form na inilabas po natin para hindi po nagkakamali.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Spox, thank you very much.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Trish. Okay, Usec. Rocky mayroon pa ba tayong mga tanong?

USEC. IGNACIO: Yes, Secretary tanong po ni Einjel Ronquillo ng DZXL: Reaksiyon po sa sinabi ni Iloilo Mayor Geronimo 'Jerry' Treñas na kaya sumisipa ngayon ang kaso sa mga probinsiya ay dahil sinunod ng national government ang rekomendasyon ng OCTA na ibuhos ang supply ng bakuna sa NCR plus. Ano po ang mensahe ninyo sa mga taga-probinsiya lalo na at pakiramdam nila, tila pinapabayaan sila ng pamahalaan at hindi pinaglalaanan ng mga bakuna kontra COVID-19?

SEC. ROQUE: Unang-una po ano, bagama't wini-welcome naming lahat ang suhestiyon, may sarili pong dalubhasa ang IATF. Mantakin naman ninyo, buong DOH eh kabahagi ng IATF. Halos buo na ng UP-PGH, kabahagi ng IATF at mayroon pang Ateneo Med School na kabahagi rin ng IATF. So hindi po tayo nagkukulang sa mga eksperto na magbibigay ng kanilang mga

rekomendasyon, siyempre po kinukonsidera rin ang OCTA. Pero I can assure you, na hindi lang po OCTA ang pinakikinggan, number one.

Number two, hindi po totoo kasi na sumunod tayo sa OCTA. Sa totoo po, 32.2% lang po ang napunta sa Metro Manila Plus areas. At iyong the rest of the bakuna na tinatanggap natin ay iniikot pa po natin sa buong Pilipinas.

Number three, noong lumalabas nga po na iyong mga areas na hindi naisara sa pamamagitan ng ECQ, MGCQ ay diyan po tumataas ang mga kaso, eh nag-order nga po ang Presidente ng equitable distribution, damihan ang mga bakuna doon sa mga lugar na lumolobo ang mga kaso at iyan naman po ay ipinapatupad na natin ngayon.

At kay Mayor Treñas, isa po ako sa tini-text niya, I can assure Mayor Treñas na unfortunately pagdating po sa taas ng kaso, ang solusyon po talaga ay mask, hugas, iwas. At kabahagi ng solusyon siyempre po ang bakuna, pero kumakalat pa rin po ang COVID, dahil hindi po sumusunod ang ating ilang mga kababayan doon sa pakiusap ng ating Presidente na mag-mask, hugas at iwas. Bagama't sabi nga po ng Presidente, iyong mga lugar na tumaas ang kaso, magkakaroon po ng mas maraming bakuna. Pero ang dahilan po talaga ng paglobo iyong kakulangan sa mask, hugas at iwas. Iyan na po ay established fact at saka iyong mga new variants, dahil nga sa new variants, mas nakakahawa, mas dapat matindi ang mask, hugas at iwas.

USEC. IGNACIO: Iyong tanong po ni Pia Gutierrez ng ABS-CBN nasagot na rin po ninyo, about doon sa UAE, sa OFWs. Iyong tanong po ni Celerina Monte nasagot na rin po ninyo about face shield. Tanong po ni Joseph Morong ng GMA News, para po kay Dr. Saloma: What do you think daw po, is driving the surge in the provinces? Is it the variants, if it's not the variant, then what does?

SEC. ROQUE: Dr. Saloma?

DR. SALOMA: Sa tanong pong iyan, I think it's a lineal combination factors. Number one, siguro iyong complacency and non-adherence to the minimum health standard, very important po iyan ano. Number two, normally we see it right, it's very, very sudden spike of cases that is signature po ng mga variants of concerns. So, I think it's a combination of these two factors: Number one complacency at saka nakalimutan po siguro ng iba nating mga kababayan na they really have to be, very, very strict in the practice of all these minimum health standard, iyong pag-mask, paghugas ng kamay, kapag hindi necessary huwag lumabas ng bahay at magpunta sa maraming mga tao. And number two is kasi alam naman natin na kapag may variant of concern, isang case, isang introduction lang can become a super spreader event, kaya iyon po ang aking masasagot sa tanong na iyan.

USEC. IGNACIO: Thank you, Dr. Saloma. Secretary Roque, iyon po iyong mga nakuha nating tanong. Salamat po.

SEC. ROQUE: Well, dahil wala na tayong tanong nagpapasalamat po tayo sa ating panauhin, si Dr. Saloma. Maraming salamat, Usec. Rocky. Maraming salamat sa ating mga kasama sa Malacañang Press Corps. At maraming salamat sa inyong lahat sa inyong pagtangkilik ng ating regular po na Presidential Press Briefing.

Sa ngalan po ng inyong Presidente, Rodrigo Roa Duterte na magkakaroon ng talk to the people mamayang gabi, ito po ang inyong Spox Harry Roque ang nagsasabi: Sa mga lugar na lumulubo po ang mga kaso, ang solusyon po, mask, hugas, iwas. Pero darating din po ang bakuna dahil ipinag-utos na po iyan ng ating Presidente na magbigay nang mas maraming bakuna sa mga lugar na tumataas ang kaso.

Magandang hapon po sa inyong lahat.

##

--
News and Information Bureau-Data Processing Center